International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Slanguage: Gamit ng Midyang Panlipunan sa Pagbabago ng Bokabularyo ng mga Kabataan |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*.<br><br>Mangyaring gumawa ng abstrak sa wikang Filipino na katumbas ng inyong English abstract. Gayundin, isalin sa Filipino ang mga pangunahing bahagi ng papel. Halimbawa, palitan ang "Introduction" ng "Introduksyon," "Methodology" ng "Metodolohiya," "Results" ng "Resulta at iba pang kaukulang seksyon.<br><br>Mangyaring naka-*italicize* ang lahat ng salitang Ingles na ginamit sa manuskrito alinsunod sa pamantayan ng pagsulat sa Filipino. Pakisuri at itama ang mga bahagi ng papel kung saan may mga salitang Ingles na hindi naka-*italics*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Makabuluhan ang paksa ng manuskrito dahil tumatalakay ito sa epekto ng midyang panlipunan sa pagbabago ng bokabularyo ng kabataan, lalo na sa paggamit ng slanguage sa online, harapan, at akademikong komunikasyon. May malinaw na potensyal ang pag-aaral na makapag-ambag sa diskurso sa wikang Filipino sa digital na panahon, ngunit kailangang patatagin pa ang metodolohiya, pagsusuri, at ugnayan ng resulta sa mga konklusyon. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| Kailangang linawin at patibayin ang puwang o research gap. Binanggit ng manuskrito na limitado pa ang pag-aaral sa lokal na konteksto, ngunit hindi pa sapat na naipakita kung ano mismo ang kulang sa mga naunang pananaliksik at paano ito tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral. Mahalaga ito upang maging malinaw ang orihinal na ambag ng papel. |
| May kahinaan sa metodolohiya, lalo na sa bahagi ng instrumento at pagsusuri ng datos. Nabanggit ang pilot testing at Cronbach's Alpha, ngunit hindi ipinakita ang aktuwal na *reliability value*. May bahagi rin na may placeholder pa sa estadistikal na *software*. Kailangang ayusin ito dahil nakaaapekto ito sa kredibilidad ng resulta. |
| Kailangang maging mas maingat sa pag-angkin ng *significant relationship* o makabuluhang ugnayan. Karamihan sa ipinakitang datos ay mean at interpretasyon lamang. Kung may sinasabing makabuluhang ugnayan ang *social media* at pagbabago ng bokabularyo, kailangang magpakita ng angkop na korelasyon o *inferential* na estadistika bilang ebidensya. |
| Kailangang palalimin ang discussion at bawasan ang pag-uulit ng paliwanag sa resulta. Sa kasalukuyan, maraming bahagi ng diskusyon ang inuulit lamang ang nilalaman ng mga talahanayan. Mas magiging malakas ang papel kung higit na ipaliliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mga natuklasan sa pagtuturo ng Filipino, paggamit ng rehistro ng wika, at pagbabago ng komunikasyon ng kabataan. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Sa kabuoan, napapanahon at makabuluhan ang pag-aaral na ito tungkol sa impluwensiya ng midyang panlipunan sa pagbabago ng morpolohiya at semantika ng bokabularyo ng mga kabataang kabilang sa Henerasyong Z. Malinaw nitong naipakita ang reyalidad ng paggamit ng wika sa kasalukuyang panahon, lalo na ang madalas na pagkakalantad sa mga plataporma tulad ng *Facebook/Messenger, TikTok,* at *X*. May malaking potensyal ang papel na ito na makapag-ambag sa pagbuo ng mga patakaran at programang pangwika. Gayunpaman, nangangailangan pa ang manuskrito ng maingat na pagpapakinis, partikular sa pagwawasto ng ilang detalyeng nakaligtaan sa metodolohiya at ang agarang paglilinis sa listahan ng mga sanggunian na hindi tugma sa paksa. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Malinaw at tiyak ang layunin ng pag-aaral na suriin ang epekto ng sosyal na midya sa pagbabago ng bokabularyo ng kabataan sa lokal na konteksto ng Pamantasan ng Cabuyao. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
*Driving Transformative Impact Across Disciplines*

| |
|---|
| Gayunpaman, makabubuting higit na ipaliwanag sa introduksiyon kung anong mga partikular na teoryang pangwika o konseptuwal na balangkas ang ginamit bilang batayan. Mahalaga ang rebisyong ito upang mas maging matibay at akademiko ang pundasyon ng inyong argumento tungkol sa manipestasyon ng pagiging dinamiko ng wika sa digital na espasyo. |
| Maayos ang pagkakadisenyo ng kwantitatibong deskriptibong pananaliksik at ang pagbuo ng sariling talatanungan gamit ang *4-point Likert scale.* Ngunit, may isang bahagi sa teksto na naiwang blangko bago isumite; kinakailangang palitan ang bahaging "[ilagay ang eksaktong software na ginamit sa aktuwal na pag-aaral]" ng aktwal na pangalan ng estadistikal na *software* (hal. *SPSS, Excel*) na ginamit. Bukod dito, inamin ng pag-aaral na nakabatay ang mga datos sa sariling ulat *(self-report)* ng mga kalahok. Inirerekomenda kong talakayin nang mas malalim sa bahagi ng diskusyon kung paano posibleng naapektuhan nito ang inyong obhetibong pagsukat sa mga pagbabagong morpolohikal at semantiko, upang maipakita ang kritikal na pagsusuri sa sariling metodolohiya. |
| Pinakamalakas na punto ng inyong papel ang natuklasang mataas ang antas ng paggamit ng *slanguage* maging sa akademikong komunikasyon. Napakagandang ambag nito sa larangan ng edukasyon dahil malinaw nitong ipinapakita ang hindi sinasadyang pagpasok ng impormal na digital slang sa pormal na gawaing pang-akademya. Sinasang-ayunan ko ang inyong rekomendasyon na sa halip na itakwil ang slanguage, kailangang mapagtibay sa paaralan ang pag-unawa sa wastong rehistro ng wika. Makabubuting palawakin pa nang kaunti ang konklusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa o dalawang tiyak na halimbawa kung paano ito maituturo ng mga guro sa silid-aralan. |
| Kailangang dumaan sa matinding rebisyon ang listahan ng mga sanggunian (References). May mga nailagay na pag-aaral na walang kinalaman sa wika, midyang panlipunan, o araling Pilipino. Halimbawa, may mga artikulong tungkol sa male infertility sa Timog Asya, arsenic and fluoride adsorption , at gamot para sa sakit na malaria. Mahalagang tanggalin ang mga hindi kaugnay na pag-aaral na ito upang mapanatili ang kredibilidad, kawastuhan, at akademikong integridad ng buong manuskrito. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **<u>Pasya</u>** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |